DepEd ADVISORY No. **71**, s. 2013
in compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(Visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
February 1, 2013

IKA-APAT NA PAMBANSANG KONGRESO NG WIKANG FILIPINO NG KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO NG FILIPINO (KASUGUFIL)

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro ng Filipino (KASUGUFIL) ay magsasagawa ng *Ika-Apat na Kongreso ng Wikang Filipino* na may temang *Ang Kurikulum Tungo sa Pagpapaangat ng Wikang Filipino at Kalidad ng Edukasyon sa Antas Elementarya at Sekundarya* na gaganapin sa Marso 31-Abril 3, 2013, Senior Mess, Teachers Camp, Lungsod Baguio.

Ang layunin ng Kongreso ay makapagbahagi sa mga kalahok ng mga sumusunod:

1. kalagayan at mga pamantayan sa Filipino sa antas elementarya at sekundarya batay sa Kurikulum ng K to 12;
2. iba't ibang estratehiya sa pagtuturo at pagtataya ng *mother-tongue-based curriculum*, mga panitikang pambata at popular (kabilang ang *broadcast media*);
3. panununing pampanitikan ng Pilipinas; at
4. bagong pakitang-turo sa elementarya at sekundarya batay sa binagong kurikulum.

Ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor, puno/tagapag-ugnay ng kagawaran at guro ng Filipino sa mga paaralang publiko at pribado sa antas elementarya at sekundarya ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

- Gng. Cristina S. Chioco
  Pangulo, Kapisanan ng mga Superbisor at Guro ng Filipino (KASUGUFIL)
  Mobile Phone Blg.: 0928-294-7931
  Email Address: istee123@yahoo.com

- Gng. Evangeline C. Calinisan
  Tagapamahala
  Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya
  Kagawaran ng Edukasyon, Gusaling Bonifacio
  Meralco Avenue, Pasig City
  Telepono Blg.: (02) 632-7746
  Mobile Phone Blg.: 0928-967-8281
  Email Address: vangie_calinisan@yahoo.com

Madel: KASUGUFIL
00110-January 28, 2013